## Tala: 1

Cancer sa Dila(includes abstract) Badash M; Abouzied M; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052518

Abstract: Ang cancer sa dila ay isang sekundaryang grupo ng cancer sa ulo at leeg. Tumutubo ang cancer mula sa mga selulang squamous sa dila. Humahantong ito sa pagtubo ng local tumor, at sa kalaunan ay kumakalat. Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito, mga selula sa dila) ay nahahati nang walang kontrol o kaayusan. Karaniwan, nahahati ang mga selula sa maayos na paraan. Kung mananatiling nahahati ang mga selula nang walang kontrol kapag hindi kailangan ang mga bagong selula, may namumuong bukol ng tissue, na tinatawag na bukol o tumor. Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga nakamamatay na tumor, na maaaring puminsala sa mga kalapit na tissue at maaaring kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang bayanad na tumor ay hindi pumipinsala o kumakalat. Ang cancer sa dila ay kadalasang ginugrupo kasama ng ibang mga cancer sa bibig, gaya ng cancer sa mga labi, matigas na bahagi ng ngala-ngala, panloob na balat ng pisngi, sahig ng bibig (parte ng bibig sa ilalim ng harapan ng dila), o mga gilagid. Ang mga cancer na ito ay sama-samang tinatawag na cancer ng kalooban ng bibig.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Cancer sa Dila

**(Cancer, Dila)**
ni: Michelle Badash, MS

[View English Version]

**Kahulugan**
Ang cancer sa dila ay isang sekundaryang grupo ng cancer sa ulo at leeg. Tumutubo ang cancer mula sa mga selulang squamous sa dila. Humahantong ito sa pagtubo ng local tumor, at sa kalaunan ay kumakalat.

Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito, mga selula sa dila) ay nahahati nang walang kontrol o kaayusan. Karaniwan, nahahati ang mga selula sa maayos na paraan. Kung mananatiling nahahati ang mga selula nang walang kontrol kapag hindi kailangan ang mga bagong selula, may namumuong bukol ng tissue, na tinatawag na bukol o tumor. Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga nakamamatay na tumor, na maaaring puminsala sa mga kalapit na tissue at maaaring kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang bayanad na tumor ay hindi pumipinsala o kumakalat.

Ang cancer sa dila ay kadalasang ginugrupo kasama ng ibang mga cancer sa bibig, gaya ng cancer sa mga labi, matigas na bahagi ng ngala-ngala, panloob na balat ng pisngi, sahig ng bibig (parte ng bibig sa ilalim ng harapan ng dila), o mga gilagid. Ang mga cancer na ito ay sama-samang tinatawag na cancer ng kalooban ng bibig.

**Cancer sa Dila**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Ang eksaktong sanhi ng cancer sa dila ay hindi nalalaman. Gayunpaman, maaaring kaugnay ang mga sumusunod na salik ng pamumuhay:

- Paninigarilyo, mga tabako, o kuwako
- Paggamit ng nginunguyang tabako, sinisinghot na pinulbos na tabako, o ibang mga produktong tabako
- Malakas na pag-inom ng alak

## Mga Nagbibigay Panganib

Pinapataas ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng cancer sa dila. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga salik ng panganib na ito:

- Kasarian: lalaki
- Hindi wastong pangangalaga sa bibig at ngipin
- Edad: 40 at lampas
- Iritasyon ng mga mucous membrane sa bibig dahil sa paninigarilyo at pag-inom
- Kasaysayan ng mga ulcer sa bibig
- Kasaysayan sa pamilya dahil sa namamanang pagkakalantad sa sakit

## Sintomas

Kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito huwag ipagpalagay na ito ay dahil sa cancer sa dila. Ang mga sintomas na ito ay maaaring dulot ng iba pang mga kondisyon. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga ito:

- Sugat sa balat, bukol, o ulcer sa dila
- Hirap sa Paglunok
- Mga sugat sa bibig at pananakit sa bibig
- Pamamanhid o kahirapan sa paggalaw sa dila
- Pagbabago sa pagsasalita (dahil sa kawalan ng kakayahang pagalawin ang dila sa mga ngipin kapag nagsasalita)
- Pananakit kapag ngumunguya o nagsasalita
- Pagdurugo mula sa dila

## Pagsuri

Maaaring matuklasan ng iyong dentista ang cancer sa dila habang ginagawa ang karaniwang paglilinis ng

ngipin, o ng iyong doktor habang ginagawa ang karaniwang eksaminasyong pisikal.

Upang patunayan ang resulta ng pagsuri, magtatanong ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Maaaring kasama dito ang:

- Eksaminasyon ng iyong dila para sa mga bukol o masa
- Paggamit ng fiberoptic na pansilip—isang manipis na tubong may maliit na camera upang suriin ang pinag-uugatan ng dila
- Isang biopsy ng dila—pagtanggal ng sample ng tissue ng dila upang suriin para sa mga selula ng cancer
- CT scan —isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng bibig
- X-ray ng dibdib upang malaman kung kumalat na ang cancer sa mga baga

**Paggamot**

Sa oras na matagpuan ang cancer, gagawin ang mga staging test upang malaman kung kumalat na ang cancer. Depende ang paggamot sa yugto ng cancer, pati na sa sukat at kinaroroonan ng tumor.

## Operasyon

Ito ay operasyong pagtanggal sa may cancer na tumor at kalapit na tissue, at maaaring kalapit na mga lymph node. Ito ang madalas na pinipiling paggamot kapag ang tumor ay nasa nakikitang bahagi ng dila, kapag medyo maliit (mas maliit sa 2 sentimetro), at kapag nakatagilid sa isang bahagi at hindi sangkot ang pinag-uugatan ng dila.

## Radiation Therapy (o Radiotherapy)

Ito ang paggamit ng radiation upang patayin ang mga selula ng cancer at paliitin ang mga tumor. Ginagamit ang paraang ito kapag ang cancer ay nasa likod ng dila.

## Chemotherapy

Ginagamit minsan ang chemotherapy kasama ng radiation upang sirain ang mga may cancer na tumor, lalo na kung hindi pinlano ang operasyon.

## Rehabilitation at Pagsubaybay

Pagkatapos ng paggamot, maaaring irekomenda ng iyong doktor ang:

- Therapy upang pabutihin ang paggalaw ng dila, pagnguya, at paglunok
- Speech therapy, kung apektado ang gamit ng dila
- Malapitang pagsubaybay sa iyong bibig, lalamunan, lalaugan (esophagus), at mga baga upang makita kung bumalik ang cancer o kumalat

**Pag-iwas**

Upang matulungang mabawasan ang iyong tsansang magkaroon ng cancer sa dila, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Huwag manigarilyo o gumamit ng mga produktong tabako. Kung naninigarilyo ka o gumagamit ng mga produktong tabako, humingi ng tulong upang itigil ito .
- Iwasan ang malakas na pag-inom ng alak.
- Regular na makipagkita sa iyong doktor para sa pagsusuri at mga cancer screening.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior

to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052518